

# FREQUENTLY ASKED QUESTIONS (FAQ) ON DOLE AKAP PROGRAM

## Ano ang DOLE-AKAP Program?

Ito ang Financial Assistance program na inilunsad ng **Philippine Department of Labor and Employment (DOLE)** para sa mga **Overseas Filipino Workers (OFWs)** na nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19.

## Ano ang layunin ng DOLE – AKAP Program?

Ang DOLE-AKAP Program ay alinsunod sa **Bayanihan to Heal as One Act** ng ating pamahalaan. Ang pangunahing layunin DOLE-AKAP Program ay para magbigay ng pinansyal na ayuda sa kwalipikadong OFWs sa iba't ibang bansa na nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19.

Higit sa lahat, nais ng DOLE na ilaan ang pinansyal na ayuda sa mga OFWs na higit na nangangailangan dahil sa kawalan ng tulong mula sa kanilang employer o sa pamahalaan ng bansang pinagtatrabahuhan.

## Magkano ang makukuhang financial assistance?

Ang mga covered at qualified OFWs ay makakatanggap ng one-time financial assistance sa halagang 200USD o ang katumbas nito sa Euros.

## Sino ang mga OFWs na covered ng DOLE-AKAP Program?

- Landbased or seabased workers na:
  - documented or regular – ibig sabihin nito, na-process or na verify ng POEA or POLO ang employment contract ng worker
- OR undocumented worker na gumawa ng aksyon para i-regularize ang kanilang contract of employment or status
- OR undocumented worker na active OWWA member sa oras ng pag-apply sa DOLE-AKAP Program

## Sino ang qualified na mag-apply for financial assistance?

- Dapat nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19;
- Dapat nasa jobsite o nasa Pilipinas bilang Balik-Manggawa at hindi nakabalik sa jobsite dahil sa COVID-19; o na-repatriate sa Pilipinas dahil sa COVID-19; at
- Dapat hindi tumatanggap o makatatanggap ng financial support o anumang tulong mula sa employer o sa gobyerno ng pinagtatrabahuhang bansa. For example: unemployment

benefit (o pag paro), temporary work suspension or ERTE, at espesyal na ayuda para sa mga empleador/a de hogar na naka-alta sa Seguridad Social, atbp.

- Dapat hindi kayo nakatanggap ng financial assistance mula sa OWWA dahil sa COVID-19.

### **Anu – anong mga bansa ang makakabeneplisyo sa DOLE-AKAP PROGRAM?**

Ang mga covered at qualified OFWs mula sa mga Priority Countries na labis na naapektuhan ng COVID-19 ang maaaring makatanggap ng financial assistance. Ang Spain ay isa sa mga identified na priority countries sa ilalaim ng DOLE AKAP PROGRAM. Kabilang rin ang mga bansa na covered ng POLO-Madrid tulad ng Andorra, Portugal, France, at Monaco.

### **Paano mag-apply ng financial assistance under DOLE – AKAP PROGRAM?**

Merong dalawang paraan:

1. I download ang application form at i-fill up <https://www.philembassymadrid.com/labor-services-2>; o
2. Mag fill up ng online application form at [https://docs.google.com/forms/d/e/1FAIpQLSfa4fDz6BJ3GQxKD\\_z2UmqEe2vnUITvsvZP5VtD-gQVjEQRJw/viewform](https://docs.google.com/forms/d/e/1FAIpQLSfa4fDz6BJ3GQxKD_z2UmqEe2vnUITvsvZP5VtD-gQVjEQRJw/viewform)

### **Anu – ano ang mga dokumentong kailangan isumite sa POLO Madrid para makapag apply?**

Ipadala ang filled up Application Form at mga scanned copies ng mga sumusunod:

1. Copy ng valid Philippine Passport;
2. Proof of overseas employment (valid POLO-verified employment contract, OEC, or pay slip)
3. Copy ng recent na Vida Laboral
4. Proof ng pagkawala ng trabaho dahil sa COVID19 gaya ng notice of termination, certification mula sa employer, atbp.
5. Proof of active OWWA membership
5. Other documents na maaring hihingiin ng POLO Madrid depende sa assessment ng application.

Kung kayo ay nasa Spain or Andorra, i-email sa: [doleakap2020spain@gmail.com](mailto:doleakap2020spain@gmail.com)

Kung kayo ay nasa Portugal, i-email sa: [doleakap2020portugal@gmail.com](mailto:doleakap2020portugal@gmail.com)

Kung kayo ay nasa France or Monaco, i-email sa: [doleakap2020france@gmail.com](mailto:doleakap2020france@gmail.com)

Maari kayong mag-download ng libreng scanner app sa inyong mga mobile phones.

### **Paano malalaman ng applicant kung na receive ng POLO Madrid ang application nila?**

Makatatanggap ng reply/notification sa kanilang email mula sa POLO Madrid na natanggap ang kanilang application at sisimulan na ang verification process ng mga dokumentong isinumite.

Siguraduhing valid email address and inilagay sa application form upang makatanggap ng acknowledgement receipt of email at iba pang komunikasyon ukol sa estado ng inyong application.

### **Gaano katagal ang pag-proceso ng application?**

Mula sa pagkatanggap ng application, sisimulan na ang pag-proceso ng application. Maaring tawagan ang aplikante ng POLO Madrid para i-verify or i-validate ang mga impormasyon at dokumentong isinumite o kung mayroon mang karagdagang katanungan. Ang proseso ay aabot ng 5-10 working days.

### **Lahat ba ng mag-apply ay automatic na makakatanggap ng 200USD financial assistance?**

Hindi lahat. Ang mga covered at eligible/qualified OFWs lamang ang makatanggap ng financial assistance provided makapagsubmit ng kumpleto, makatotohanan at tamang mga dokumento.

### **Kailan matatanggap ang financial assistance ang mga nag-qualify?**

Ipapadala sa pamamagitan ng bank transfer ang pera. Siguraduhin na tama at kumpleto and inyong isinulat na remittance details. Ang pagbibigay ng financial assistance ay naka depende kung naipadala na ng DOLE ang pondo sa POLO.

### **Paano mag-apply ng financial assistance ang OFW na wala sa jobsite at nasa Pilipinas?**

Maaring mag-apply ang mga OFWs na nasa Pilipinas (bilang Balik-Manggagawa at hindi nakabalik sa jobsite dahil sa COVID-19; or na repatriate sa Pilipinas ng employer dahil sa COVID-19) sa pinakamalapit na OWWA Regional Office sa kanilang tirahan.

Gamitin ang downloadable form mula sa [www.dole-akap.owwa.gov.ph](http://www.dole-akap.owwa.gov.ph) subalit ito ay maari lamang ma-access pag ikaw ay nasa Pilipinas.

Para sa mga karagdagang katanungan kaugnay ng DOLE AKAP Program, maaring mag email sa:

Spain at Andorra	:	<a href="mailto:doleakap2020spain@gmail.com">doleakap2020spain@gmail.com</a>
Portugal	:	<a href="mailto:doleakap2020portugal@gmail.com">doleakap2020portugal@gmail.com</a>
France at Monaco	:	<a href="mailto:doleakap2020france@gmail.com">doleakap2020france@gmail.com</a>